## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4

OO sa 4: PARA LINISIN AT PROTEKTAHAN ANG ATING INUMING TUBIG, PIGILAN ANG MGA WILDFIRE

Ang Prop. 4 ay gumagawa ng madalian, makatwirang pamumuhunan upang protektahan ang ating mga komunidad, kalusugan, ekonomiya, at likas na yaman sa pamamagitan ng:

• Paglilinis at pagprotekta sa mga suplay ng tubig • Pag-iwas sa mga mapanirang wildfire • Pagprotekta sa mga kagubatan, dalampasigan, pinagmumulan ng sariwang tubig, at tirahan ng wildlife

Ang pagboto ng Oo sa 4 ay agarang kailangan. Ang California ay nahaharap sa dumaraming banta mula sa mga wildfire, polusyon sa tubig, at matinding init. Ang mga pamumuhunan *ngayon* ay maaaring makaiwas sa mga gastusin at pinsala sa hinaharap mula sa nagbabagong klima at mas madalas na mga natural na kalamidad.

PAGBIBIGAY NG MALINIS, LIGTAS NA INUMING TUBIG

Ang Prop. 4 ay maglilinis at magpoprotekta sa mga suplay ng inuming tubig ng California sa lahat ng rehiyon ng California—aalisin ang mga nakalalasong polusyon mula sa ating inuming tubig, tutugunan ang mga panganib sa imprastraktura tulad ng mga humihinang dam at levee, at dadagdagan ang mga suplay.

Sa kasalukuyan, halos 1 milyong taga-California ang walang access sa inuming tubig na nakakatugon sa mga pamantayan ng kaligtasan at pagiging maaasahan, ayon sa Lupon ng Tubig ng Estado. Tumutulong ang Oo sa 4 na matiyak na lahat tayo ay may ligtas na tubig na maiinom.

PAG-IWAS SA NAKAPIPINSALANG MGA WILDFIRE AT USOK

Ang mga wildfire kamakailan sa California ay sumunog sa 2 milyong ektarya, naglabas ng nakakalason na usok sa ating hangin, at dinumihan ang mga suplay ng inuming tubig. Ang pinsala mula sa sunog at usok ay nakapinsala sa kalidad ng buhay at kalusugan, kabilang ang mga baga ng mga bata, sa bawat sulok ng California. Ang Prop. 4 ay namumuhunan sa mga proyekto upang maiwasan ang mga wildfire, bawasan ang tindi ng mga ito kapag nangyari ang mga ito, at pagbutihin ang pagtugon sa kalamidad.

"Ang pagbibigay sa mga bumbero ng mga kasangkapan upang maiwasan ang mga wildfire ay ang pinakamahusay at pinakamatipid na paraan upang maiwasan ang pinsala sa tao at pananalapi ng mga kalamidad na ito. Ang Prop. 4 ay gumagawa ng mga tamang pamumuhunan upang makapagligtas ng buhay at bilyon-bilyong halaga sa mga gastos sa pagtugon at pagbangon."—Tim Edwards, Pangulo, Mga Bumbero ng CALFIRE

PAGPROTEKTA SA MGA KAGUBATAN, DALAMPASIGAN, ILOG, SAPA, AT WILDLIFE

Ginagawa ng ating mga dalampasigan, kagubatan, at kabundukan na espesyal ang California, at mayroon tayong responsibilidad na protektahan ang mga ito para sa ating mga anak at mga susunod na henerasyon. Ang pagprotekta sa mga likas na lugar at wildlife ay mas apurahan ngayon kaysa dati, habang nawawala ang mga tirahan ng wildlife, mga sakahan at pastulan, at maging ang mga dalampasigan ay nawawala. Pinoprotektahan ng Prop. 4 ang mga likas na lugar na ito mula sa wildfire, polusyon, at iba pang mga banta mula sa nagbabagong klima.

PAGPROTEKTA SA KALUSUGAN NG PUBLIKO

Sa pamamagitan ng pag-alis ng polusyon mula sa hangin at mga lason mula sa ating tubig, pinoprotektahan ng Prop. 4 ang kalusugan ng mahihinang nakatatanda at mga bata.

MALAKAS ANG RESPONSIBILIDAD SA PANANALAPI, PANANAGUTAN AT KALINAWAN

Ang California ay nagbabayad na dahil sa pagkabigong sapat na maghanda para sa tagtuyot at nagbabagong klima. Ang panukalang ito ay tumutulong lumipat mula sa pagtugon sa kalamidad patungo sa *pag-iwas*.

Ang ating estado at mga komunidad ay makakatipid ng bilyon-bilyon pa sa pamamagitan ng pag-iwas at pagbabawas ng pinsala mula sa mga wildfire, tagtuyot, at pagbaha.

Ang Prop. 4 ay naglalaman ng mahigpit na pananagutan sa pananalapi at kalinawan:

• Taunang independiyenteng pagsusuri • Buong pagsisiwalat sa publiko ng lahat ng pagpopondo sa hinaharap

Sumama sa mga bumbero ng California (CalFire Lokal 2881), Pambansang Pederasyon sa Wildlife, the Nature Conservancy, Aksyon para sa Malinis na Tubig, at mga ahensya ng tubig kabilang ang Awtoridad sa Tubig ng County ng San Diego: OO sa 4.

**Jennifer Clary**, Direktor sa Estado
Aksyon para sa Malinis na Tubig

**Tim Edwards**, Pangulo
Mga Bumbero ng CALFIRE

**Beth Pratt**, Panrehiyong Ehekutibong Direktor sa Califfornia
Pambansang Pederasyon sa Wildlife

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4 ★

*Ang malinis na inuming tubig at pagpigil sa mapanirang wildfire ay mga pangangailangan, hindi mga luho.* Ang mga ito ay dapat matugunan sa loob ng ating badyet ng estado, hindi sa pamamagitan ng paghingi ng $10 bilyon pa mula sa mga nagbabayad ng buwis sa anyo ng isang bono na magiging halos doble ang halaga upang mabayaran—$19.3 bilyon.

Ang mga hamon na kinakaharap natin sa mga wildfire at suplay ng tubig ay resulta ng mga dekada ng kapabayaan at maling pamamahala sa ating mga mapagkukunan. Ang pagbibigay kapangyarihan sa mga lider ng tribo para sa pamamahala ng kagubatan at pamumuhunan sa imprastraktura ng tubig ay maaaring pumigil sa mga krisis na ito. Ang mga ito ay hindi mga random na pangyayari, kundi mga bunga ng maling mga patakaran.

Sa kabila ng madalas na pangako ng mga pulitiko para sa pananagutan, mula noong 2000, ang mga botante ng California ay nag-apruba ng mahigit $30 bilyon sa mga bono para sa likas na yaman—ngunit kaunti lamang ang naipakita. Matapos ang mga taon ng pagtanggi na bigyang-priyoridad ang paggastos sa pangangasiwa ng kagubatan, nagdurusa tayo sa mga resulta ng malalaking wildfire na maaaring napigilan, o kahit man lang mabawasan. Matapos ang mga taon ng pagtanggi na mamuhunan sa pag-iimbak ng tubig, nahaharap tayo sa kawalan ng katatagan ng suplay ng tubig.

Sa halip na pabigatan ang mga nagbabayad ng buwis sa isang bono na sobra ang pangako, dapat nating tugunan ang mga isyung ito sa badyet. *Ang tunay na pagbabago ay nagmumula sa paninindigan, hindi sa mabilisang pag-aayos.* Ito ay hindi lamang patakaran, ito ay ating kinabukasan. Piliin natin ang pragmatismo kaysa pagpapaliban.

Ang mga pulitiko sa Sacramento ay hindi dapat humingi ng mas maraming pera mula sa mga nagbabayad ng buwis o pilitin ang mga botante na ipasa ang isang hindi makatotohanang pakete ng bono na walang anumang pangmatagalang pagbabago sa patakaran ng estado. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 4.

*Bumoto ng HINDI sa pagpapaliban sa ating responsibilidad sa kapaligiran na doble ang halaga.* Mamuhunan tayo sa isang mas luntiang kinabukasan ngayon.

**Lider ng Minorya sa Senado Brian W. Jones**

**Miyembro ng Asembleya Jim Patterson**

**Jon Coupal**, Pangulo
Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis


Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

MASYADONG MARAMING UTANG, MASYADONG KAUNTI ANG BENEPISYO: ANG PROBLEMA SA PROPOSISYON 4

Ang mga bono ay ang pinakamahal na paraan para magbayad ang pamahalaan para sa mga bagay. Ang Proposisyon 4 ay magdaragdag ng napakalaking *$10 bilyon* na utang sa mga nagbabayad ng buwis—AT tinatayang *$9.3 bilyon* sa interes—upang bayaran ang mga programang may kaugnayan sa klima. Sasakupin din ng pagpopondo na ito ang mga gastos sa pangangasiwa at suweldo para sa mga tatanggap ng gawad. Ngunit tandaan, ito ay hiniram na pera.

Sa simula ng taon, ang California ay mayroon nang mahigit *$78 bilyon* na utang sa bono. Ang Proposisyon 1 noong Marso ay nagdagdag ng pa ng *$6.38 bilyon*. Ngayon ay may mungkahina magdagdag ng karagdagang *$10 bilyon* para sa hindi maliwanag na mga programa sa klima. Hulaan kung sino ang magbabayad ng bayarin? Tama kayo—tayo, ang mga nagbabayad ng buwis. Ang ating mga buwis ay ililihis mula sa mahahalagang serbisyo upang bayaran ang mga interes at pangunahing utang ng bono.

Ang mga bono ay hiniram na pera na kailangang bayaran, KASAMA ANG INTERES, kahit ano pa ang kailangang bawasan ng estado upang magawa ito. Idineklara na ni Gobernador Newsom ang isang emerhensiya sa badyet dahil ang estado ay gumagastos ng higit sa nakukuha nito. Ilang programa ang kailangang putulin sa hinaharap upang mabayaran ang Proposisyon 4? Ayon sa walang partidong Opisina ng Pambatasang Manunuri, nagkaroon tayo ng *$62 bilyon* na kakulangan sa taong ito. Ano ang mangyayari kapag tayo ay mayroon pareho ng kakulangan AT obligasyong bayaran itong napakalaking utang sa bono?

Dalawang taon na ang nakalipas, ang California ay nagkaroon ng halos *$100 bilyon na SOBRA*. Kung ang mga proyektong pang-klima na ito ay binigyang-priyoridad noon, maaari sana nating natugunan ang buong halaga ng bono na ito gamit lamang ang 10 porsyento ng sobrang pondo. Ngayon, dahil sa kawalan ng kakayahan ng pamahalaan na mamahala sa paggastos nito, hinihiling nila sa mga botante ang higit pa sa kanilang pinaghirapang pera.

BILANG ISANG BOTANTE, ANG IYONG MGA BUWIS AY DAPAT MAGPONDO SA IYONG MGA PINAKAMATAAS NA PRIYORIDAD, HINDI SA MGA PABORITONG PROYEKTO.

Ang mga bono ay dapat na nakalaan para sa pagpopondo ng mahahalagang proyekto na magtatayo ng imprastraktura na tatagal nang lampas sa 30-taong panahon ng pagbabayad. Gayunpaman, maraming elemento ng Proposisyon 4 ang hindi nakakatugon sa pamantayang iyon, na nagreresulta sa *$10 bilyon* na paggastos na idinadagdag lamang sa credit card ng mga nagbabayad ng buwis—nang walang sapat na pananagutan o nasusukat na mga pamantayan para sa tagumpay! Ang Proposisyon 4 ay puno ng pera na ibinubuhos sa mga hindi pa napatunayang teknolohiya na maaaring mukhang may pag-asa sa papel ngunit walang konkretong katibayan ng tagumpay. Sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo sa mga proyektong ispekulatibo, binabalewala ng Proposisyon 4 ang pangmatagalang imbakan ng tubig at mga kritikal na programa sa pamamahala ng panggatong para sa wildfire kapalit ng mga panandalian at hindi pa napatunayang proyekto.

WALANG PAG-IINGAT NA GAMITIN ANG MAGASTOS NA HINIRAM NA PERA PARA BAYARAN ANG HINDI PA SUBOK NA MGA PROGRAMA.

Ang Proposisyon 4 ay kumakatawan sa isang walang ingat na pagtaas sa utang ng estado na may mga kaduda-dudang benepisyo. Dapat unahin ng pamahalaan ang mahahalagang serbisyo at tiyakin na ang anumang paghiram ay nakalaan para sa mga proyektong nagbibigay ng pangmatagalang, mahahawakang mga benepisyo sa estado at sa mga residente nito. Ang mahahalagang programa ay dapat pondohan sa badyet gamit ang mga buwis na binabayaran na natin, hindi sa pamamagitan ng magastos na pangungutang. Ano ang nasa badyet namas mataas ang priyoridad kaysa ligtas na inuming tubig at pag-iwas sa wildfire? Dapat sagutin ng mga pulitiko ang tanong na iyon bago magdagdag ng *$10+ bilyon* na utang na kailangang bayaran, KASAMA ANG INTERES.

**Lider ng Minorya sa Senado Brian W. Jones**

**Miyembro ng Asembleya Jim Patterson**

**Jon Coupal**, Pangulo

Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

OO sa 4: TINUTUGUNAN ANG PINAKAMATAAS NA PRIYORIDAD NG CALIFORNIA SA INUMING TUBIG at MGA PANGANGAILANGAN SA PAG-IWAS SA SUNOG

Ang mga bumbero ng California, mga organisasyon para sa malinis na tubig, mga eksperto sa pampublikong kalusugan, at mga grupo ng konserbasyon ay humihimok ng OO sa 4, upang matugunan *ang pinakamahalagang pangangailangan* ng ating estado para sa ligtas na suplay ng tubig, pag-iwas sa wildfire, at malinis na hangin.

Inamin mismo ng oposisyon, ang malinis na tubig at pag-iwas sa wildfire ay kritikal na prIyoridad.

Ang Proposisyon 4 ay gumagawa ng mahusay at matalinong pamumuhunan sa mga napatunayang solusyon: pagpapahusay ng paggamot sa inuming tubig upang alisin ang mga tagakontamina, pag-aayos ng mga nasisirang dam at levee upang maiwasan ang pagbaha, paglikha ng imbakan ng tubig sa ilalim ng lupa at mga planta ng pag-recycle upang madagdagan ang suplay at maghanda para sa tagtuyot, at pamumuhunan sa epektibong mga estratehiya sa pag-iwas at pagpigil sa wildfire.

OO sa 4: MATATALINONG, MADALIANG PAMUMUHUNAN NA MAY MAHIGPIT NA MGA KINAKAILANGAN SA PANANAGUTAN, PINAPROTEKTAHAN ANG MGA KOMUNIDAD AT PINIPIGILAN ANG BILYON-BILYONG GASTOS SA HINAHARAP

Ang OO sa 4 ay responsable sa pananalapi at ganap na malinaw.

Halos 1 milyong taga-California ang walang access sa malinis na inuming tubig. Ang mga pamumuhunan ng Oo sa 4 ay nagpapalakas ng ligtas na suplay ng tubig at imprastraktura ng pagkontrol sa baha—nakakapagtipid ng bilyon-bilyong piso sa pansamantalang pag-aayos at pagkalugi sa ekonomiya.

Natuklasan ng isang pag-aaral ng UCLA na ang 10 taon ng usok mula sa wildfire ay nagdulot ng 50,000 napaagang pagkamatay at $400 bilyon sa mga pagkalugi sa ekonomiya. Ang pag-iwas sa wildfire ay nakakatipid ng anim na beses sa gastos nito sa nabawasang pinsala, habang pinoprotektahan ang ating kalusugan.

"Ang pinansiyal na kalusugan ng California ay mahina sa mga natural na kalamidad, napabayaang imprastraktura, at nagbabagong klima. Nang hindi nagtataas ng buwis, ang Oo sa Prop. 4 ay nakakatipid ng pera ng California habang tinutulungan ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan na protektahan ang ating mga komunidad."—Tim Gage, dating Direktor ng Pananalapi ng estado.

Ang mga komunidad ng California ay hindi makakapaghintay.

OO sa 4: MALINIS NA INUMING TUBIG, PAG-IWAS SA WILDFIRE, AT ATING KALUSUGAN.

**Susana De Anda**, Ehekutibong Direktor
Sentro ng Tubig sa Komunidad

**Sarah Gibson**, Tagapamahala ng Sunog
The Nature Conservancy

**Christopher Chavez**, Kinatawang Direktor sa Patakaran
Koalisyon para sa Malinis na Hangin

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.